Pangalan: ____________________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: _______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Pagsulat ng Sanaysay**

**I. PANUTO:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Ano ang tamang paglalarawan sa isang sanaysay?
   a. Isang uri ng panitikang naglalahad ng pagtatalo
   b. Makabuluhang uri ng panitikang may piling salita at sukat
   c. Pampanitikang sulatin na lubhang pamilyar sa mambabasa na may mga yugto ang paksa
   d. Komposisyong pampanitikan na nagbibigay ng kaalaman, opinyon, at karanasan ng may-akda tungkol sa isang paksa

2. Saan nagkakaiba ang mga bahagi ng isang sanaysay?
   a. Ayon ito sa ginamit na mga pangungusap.
   b. Batay ito sa nilalaman ng bawat bahagi.
   c. Naaayon ito sa layunin ng may-akda.
   d. Ayon ito sa ginamit na pangungusap.

3. Saang bahagi dapat isulat ang introduksiyon ng isang sanaysay?
   a. Sa hulihang pangungusap
   b. Sa hulihang talata
   c. Sa unang talata
   d. Sa gitnang talata

4. Aling bahagi ang naglalahad ng buod o lagom ng isang sanaysay?
   a. Wakas
   b. Unahan
   c. Panimula
   d. Katawan

5. Saang bahagi dapat isulat ang ebidensiya na siyang pokus o tuon ng isang pormal na sanaysay?
   a. Kongklusyon
   b. Panimula
   c. Katawan
   d. Wakas

**II. PANUTO:** Tukuyin ang inilalarawang bahagi ng isang sanaysay. Isulat ang iyong sagot sa patlang bago ang bilang.

________________ 6. Inilalahad rito ang mahahalagang puntos o ideya tungkol sa paksa.

________________ 7. Mahalaga ang bahaging ito na gaganyak sa atensiyon ng mambabasa para basahin ang sanaysay.

________________ 8. Bahagi ito na humahamon sa kaisipan ng mambabasa na maisakatuparan ang tinalakay na paksa.

________________ 9. Ito ang unang babasahin ng mambabasa sa sanaysay.

________________ 10. Maaaring naglalaman ang bahaging ito ng nakalap na ebidensiya at mga kaisipan kaugnay ng paksa.